# *Dasmariñas Village Association Inc.*

**1417 Campanilla Street, Dasmariñas Village**
**Tel. No.: 817-3316; Email: dasma.association@yahoo.com**


## D.VA. Circular D.V.A. No. 2014 – 15 June 19, 2014

**Mga Kasambahay ng Dasmariñas Village, tulungan ang ating komunidad!**

Malaki ang naitutulong ng mga pusa sa natural na pagsugpo ng mga daga at iba pang peste sa ating tahanan. Subalit mabilis silang dumami.


Para mapanatili and kaayusan sa ating paligid, ang Dasmariñas Village at ang CARA Welfare Philippines ay may programa para sa pagkapon ng mga pusa dito.

---

***KAPON = pag-opera sa babae at lalaking pusa para maitigil ang pagbubuntis at panganganak upang hindi dumami ang kanilang populasyon.***

---

Ang mga pusang nahuhuli ay idinadala sa CARA clinic para ikapon. Kapag magaling na sa operasyon ay ibabalik sila sa lugar kung saan sila nahuli.



PAANO KAYO MAKAKATULONG:

**PAGPAPAKAIN.** Maaari kayong mag-iwan ng pagkain at tubig sa labas ng inyong bahay para sa mga pusa. Gawin itong mas madalas upang mas madali silang mahuli para maipakapon.

**PAG-AALAGA.** Kung mayroon kayong natagpuang pusa na nanganak, huwag ninyong kunin ang mga kuting. Kailangan nila ng natural na nutrisyon galing sa gatas ng inahing pusa. Bigyan ng sapat na pagkain at tubig ang inahin para magkaroon din ng sapat na nutrisyon ang mga kuting.

**PAGPAKAPON SA INAHIN AT KUTING.** Maaari nang ikapon ang inahing pusa makaraan ang dalawang buwan mula sa pagkapanganak. Ang mga kuting ay maaari na ring ikapon pagkatapos ng limang buwan.

Makipag-ugnayan lamang kay Ms. Nancy Cu-Unjieng sa 810-1459 kung mayrooon kayong pusa na kailangan ipakapon o gusto ninyong mag-ampon ng pusa.

**DVA MANAGEMENT**